



## Ang CalFresh ay tumutulong sa mga pamilya ng San Francisco na makakuha ng nakapagpapalusog na pagkain kung kailangan nila ito.

***" Noong nawalan ako ng trabaho, ang CalFresh ay nandoon para sa akin at sa aking pamilya. Pakiramdam ko sa mga bagay ngayon ay walang katiyakan, pero, dahil sa CalFresh napapanatili nito na mayroong maihahain na pagkain sa mesa."***

Sa CalFresh, makakatanggap ka ng isang EBT kard na maaari mong gamitin tulad ng isang debit kard upang bumili ng sariwa, pampalusog na pagkain sa buong lungsod, sa mga lugar tulad ng mga grocery store, merkado ng mga magsasaka, at mayroon din online para sa paghahatid sa bahay.

### Pagpapakain ng Calfresh sa San Francisco

- Kung karapat-dapat ka batay sa iyong kita, maaari kang maging kwalipikado para sa CalFresh. Ang halagang natanggap mo ay nakasalalay sa laki at kita ng iyong sambahayan. Ang mga pamilya ng apat ay maaaring makatanggap ng hanggang sa \$ 939 sa isang buwan!
- Ang CalFresh ay higit pa sa pagkain. Puwede ka rin maging karapat-dapat para sa mga oportunidad sa trabaho, edukasyon, at pagsasanay sa trabaho. Ang mga tatanggap ng CalFresh ay maaari ring makatanggap ng mga libreng diaper at diskwento sa mga kagamitan. Matuto nang higit pa sa [SFHSA.org/discounts](https://www.sfhsa.org/discounts)

### Suporta para sa Mga Pamilyang Imigrante

- Halos lahat ng mga indibidwal na kwalipikado para sa CalFresh ay kasalukuyang hindi apektado ng mga patakaran sa singil sa publiko.
- Karaniwan para sa mga sambahayan na magkaroon ng ilang mga tao na kwalipikado at ang mga iba ay hindi. Hinihikayat ang mga magulang na mag-aplay para sa kanilang karapat-dapat na mga anak. Bisitahin ang aming website upang malaman ang tungkol sa CalFresh at mga libreng magpagkukunang ligal upang makatulong na maunawaan ang iyong mga karapatan

### PAANO MAKAKUHA NG CALFRESH

Kapag nag-apply ka para sa CalFresh, nasa iyo ang kontrol.

Maaari kang magpasya upang simulan o tumigil na sandali sa iyong aplikasyon sa anumang oras. Matuto nang higit pa at mag-apply ngayon:

